BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAUNAWA SA PUBLIKO

Enero 22, 2021

PARA SA: Mga magulang o tagapag-alaga ng mga bata na nakalista sa (mga) sumusunod na paaralan:

Live Oak School
San Francisco International High School
Downtown High School

Lahat ng mga kapitbahay na pamahayan at negosyo na nasa loob ng 1,000 talampakan mula sa iminumungkahing bago o binagong (mga) pinanggagalingan ng maruming hangin na nakalista sa ibaba.

MULA SA: Bay Area Air Quality Management District

TUNGKOL SA: Aplikasyon para sa Pahintulot #29792 para sa sumusunod na (mga) pinanggalingan ng maruming hangin:

S-100 Planta para sa Paglilonis ng Maduming Tubig ng Brewery
(Brewery Wastewater Treatment Plant)
Anchor Brewing
330 Carolina Street
San Francisco, CA 94107

Ang Bay Area Air Quality Management District (ang "Distrito") ay isang lokal na ahensiya na nangangasiwa sa mga nakapirmeng pinanggalingan ng maruming hangin kagaya ng mga pabrika, mga pang-industriyang lugar, at mga gasolinahan.

Tuwing makakatanggap kami ng aplikasyon para sa pahintulot para sa bago o binagong (mga) pinanggagalingan ng mga nakakalason na nagpaparumi sa hangin na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan mula sa lugar ng paaralan, inaatas ng batas ng Estado na magbigay-alam kami sa publiko. Upang matugunan ang pangangailangan na ito, namimigay o nagpapadala kami ng Paunawa sa Publiko sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga estudyante na nakatala sa mga paaralan na matatagpuan sa loob ng 1/4 na milya, at lahat ng mga residente at negosyo na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan, mula sa iminumungkahing pinanggalingan.

Natanggap mo ang Paunawa sa Publiko na ito dahil may hinain sa Distrito na aplikasyon para sa pahintulot para sa mga tinukoy na pinanggalingan ng maruming hangin sa itaas. Ang paglalarawan ng iminumungkahing proyekto ay sumusunod:

Nag-apply ang ***Anchor Brewing*** para sa Awtorisasyong Magbuo at/o Pahintulot na Magpatakbo ng Planta para sa Paglilinis ng Maduming Tubig na maglilinis ng maduming tubig ng brewery. Walang gagawing pagbabago sa umiiral na sistema ng paglilinis ng sewerage.

PAUNANG PAGSUSURI

Sinuri na ng Distrito ang aplikasyon para sa pahintulot at nagsagawa ng paunang desisyon na inaasahang susunod ang proyekto sa lahat ng mga naaangkop na regulasyon ng Distrito, estado, at pederal na may kaugnayan sa kalidad ng hangin , kabilang ang mga panganib sa kalusugang nagreresulta mula sa mga emission ng nakakalason na nagpaparumi sa hangin. Ang paunang rekomendasyon ay ang maglabas ng pahintulot para sa proyektong ito. Pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng mga natanggap na komento, gagawa ang Distrito ng panghuling desisyon.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung ikaw ay interesado na makakuha ng karagdagang impormasyon, maaari kang humiling ng mga kopya ng ulat ng pagsusuri ng Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa Distrito sa numero ng telepono na nakalista sa dulo ng paunawang ito. Ang impormasyong ito ay maaari ring makita o makuha sa website ng Distrito:

http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices

PANAHON NG PAG-KOMENTO NG PUBLIKO

Mayroong 30 araw na panahon ang publiko para sa pagsagot sa mungkahing ito. Kung nais mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto, maaari mong gawin ito sa pamamagitan nang pasulat o sa pamamagitan ng email. Bilang alternatibo, maaari kang tumawag at mag-iwan ng mensahe na hanggang sa isang minuto ang haba. Mangyaring iwanan ang iyong pangalan at numero ng telepono para makasagot ang isang tauhan ng Distrito sa iyong mensahe.

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung gusto mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto:

Address sa koreo:	Anchor Brewing (Application 29792) Public Notice Response BAAQMD Engineering Division 375 Beale Street, Suite 600 San Francisco, CA 94105 Attn: Ryan Atterbury
E-mail address:	ratterbury@baaqmd.gov
Numero ng Telepono:	(415) 749-5122 Box #5

Ang panahon ng pag-komento ng publiko para sa proyektong ito ay magtatapos sa **Pebrero 22, 2021.**